

Influenza Virus – AH1N1

Paunawa tungkol sa Bakuna

1 Tungkol sa bakuna ng Influenza virus AH1N1

OBisa ng bakuna

Ang bakunang ito ay may bisa para sa pagpigil ng paglala ng influenza virus ngunit hindi ibig sabihin na kaya nitong pigilan ng 100% na hindi mahawa ng sakit.

OSide reaction (Side effect)

Matapos mabakunahan, maaaring makaranas ng pamamaga, lagnat at kung minsan ay maaaring magdulot ng mabigat na kundisyon ng katawan.




Mangyari lamang na unawaing mabuti ang tungkol sa bisa ng bakuna at sa side reaction (side effect) na maaari nitong idulot, makabubuting kumonsulta muna sa manggagamot bago mag pasyang tumanggap ng bakuna.

2 Sino ang may priyoridad na tumanggap ng bakuna

Ang bakuna para sa AH1N1 ay limitado lamang ang dami, hindi maaaring lahat ay mabigyan nito ng sabay-sabay. Dahil dito, kami ay gumawa ng organisadong pila sa pagbibigay ng bakuna priyoridad ang mga taong may sinusunod na medikasyon o malaki ang panganib na lumubha ang sakit o mamatay. Ang schedule para sa pila ng mga taong may priyoridad sa bakuna ay ang sumusunod:

3 Basehan ng scehdule ng bakuna [Nobyembre 24 hanggang kasalukuyan]

- * Kailangan ng 2 beses na bakuna para sa mga batang may edad 1 taon pataas hanggang 13 taong gulang
- * Ang mga batang nasa junior high school na 13 taon pataas ay dapat sanang magpabakuna ng 2 beses, ngunit ito ay magbabago ayon sa resulta ng eksaminasyon ng clinical pathology na isasagawa ng bansa.
- * Paalala lamang na ang mga schedule ay maaaring magbago ayon sa magiging desisyon ng bansa.



◇ Ano ang underlying disease

May kronikong sakit sa Respiratoryo, Puso, Bato, Atay, Nerbyos, Neuromuscular, Diyabetes, Infant chronicity at iba pa.

◇ Sinomang may gustong magpa bakuna ay kumonsulta muna sa doktor bago magpatala. (Para sa mga taong may underlying disease, papayagan lamang kayo kung inyong matutugunan ang nakalaang mga alituntunin para sa inyo.)

◇ Para sa mga hindi kasama sa talaan ng may priyoridad kayo ay bibigyan ng tugon ayon sa situasyon ng virus, bakuna, dami ng maaaring ibigay na bakuna, matapos ang pagbibigay ng bakuna sa mga taong may priyoridad.

◇ Kung tutuusin, ang mga taong nahawahan na ng Influenza virus (paalala), dahil sila ay mayroon ng imunidad, hindi na nila kakailanganin pang bakunahan.

(Paalala) • Ang mga taong napatunayang may influenza virus sa pamamagitan ng ekspertong pagsusuri (gaya ng PCR)

• Mga taong nahatulan ng Influenza A matapos ang tag-init ng 2009 (Ayon sa Kagawarang Pangkalusugan, mula ng Tag-init ngayong taon hanggang Nobyembre at kasalukuyan, ang pinakamaraming sakit na nahawa sa mga mamamayan ay ang AH1N1 virus) (Mula sa Q&A ng Kagawarang Pangkalusugan)

4 Pagamutan na nagbibigay ng bakuna

May mga itinakdang pagamutan na nagbibigay ng bakuna. Kumonsulta muna sa doktor kung kayo ay maaaring tumanggap ng bakuna. Kung kayo ay hindi maaaring magpabakuna sa inyong doktor, Mangyari na makipag-ugnayan sa pamamagitan ng mga contact number sa ibaba.



5 Magkano ang bakuna



2 beses na pagpabakuna sa iisang pagamutan Total: 6,150 yen (unang bakuna 3,600 yen + 2,550 yen sa ikalawa)
2 beses na pagbabakuna sa magkaibang pagamutan Total: 7,200 yen (3,600 yen x 2)

* Para sa eksemplasyon ng mga taong maliit lamang ang suweldo, kayo ay makipag-ugnayan sa inyong baranggay o pamahalaan ng siyudad.

6 Paraan sa pagkuha ng bakuna

Kumpirmahin ang araw at oras at lugar ng bakuna

Kung sa tingin ninyo na kayo ay kasama sa prioridad sa bakuna, kumonsulta sa inyong doktor kung tama ang inyong palagay at kunin ninyo ang araw, oras at lugar ng bakuna. (Maaaring ang inyong pagamutan ay hindi kasama sa nagbibigay ng bakuna)

Ihanda ang mga dokumentong kailangan

Ihanda ang dokumentong magpapatunay na kayo ay kasama sa prioridad sa oras ng bakuna.

Pagpapatala

Magpatala sa pagamutan na magbibigay ng bakuna. Tungkol sa araw ng bakuna at iaba pang bagay, makipag ugnayan sa pagamutan na magbibigay nito.

Pagtanggap ng bakuna

Dalhin ang mga dokumento at kayo ay makakatanggap ng bakuna. Matapos ang bakuna, maaaring makaranas ng pamamaga sa lugar na binakunahan o di kaya'y lagnat. Kung makakaramdam ng hindi maganda at kung ito'y tumatagal, makipag ugnayan agad sa pagamutang nagbibigay ng bakuna.

7 Mga dokumentong kailangan (Maaaring mangailangan ng Documentary fee depende sa dokumentong ipipresinta)

May prioridad sa Bakuna	Mga dokumentong kailangan
1. Nagdadalantao	「Maternity Record Book」at iba pa
2. Taong may underlying disease.	「Certificate of Priority」(Makukuha sa inyong doktor) at iba pa ※hindi na kailangan kung ang inyong doktor ang magbabakuna sa inyo
3. Batang 1 taon hanggang sa batang nasa grade 3	「Maternal and Children health handbook」o 「Health Insurance ID ng naka insured」at iba pa.
4. Magulang ng batang may anak na 1 taon pababa.	「Maternal and Children health handbook」o 「Health Insurance ID ng naka insured」 「Residence Certificate」at iba pa (Pagkikilanlan na kayo ay kasama sa bahay ng batang 1 taon pababa)
5. Magulang o tagapag-alaga ng taong hindi maaaring tumanggap ng bakuna dahil sa pang katawang dahilan na binabanggit sa bilang 1-3 sa itaas.	▪ 「Certificate of Priority」 ▪ 「Health Insurance ID ng naka insured」o 「Residence Certificate」at iba pa (pagkikilanlan na kayo ay kasama sa bahay ng taong may prioridad sa bakuna ngunit hindi maaaring tumanggap ng bakuna)
6. Sinomang akma sa edad ng mula grade 4 hanggang senior high school.	「Health Insurance ID ng naka insured」, 「School ID」, 「Driver's License」, 「Residence Certificate」 at iba pa.
7. Mga taong 65 taon pataas	(Dokumentong makakapagpatunay ng edad)



Para sa mga katanungan tungkol sa AH1N1 virus [araw at oras: ordinaryong araw 8:30~17:15]

① Tanggapan para sa wikang English (Wala pong tanggapan para sa wikang tagalog)

Isinasagawa sa tanggapan na nakasaad sa ibaba ang komunikasyong sumusuporta sa wikang English.

Tanggapan	Telepono	Pagtugon
Tottori ken Kokusai kouryu zaidan	0857-31-5953	Makakapag-usap sa pamamagitan ng 3 way conversation feature kaya't maaari ang direktang konsultasyon sa telepono kasama ang interpreter (9:00~16:00)
Tottori ken kouryu suishinka	0857-24-5459	Sabihin sa tanggapan ang inyong kailangan at kayo ay tutugunan.

② Espesyal na tanggapan (wikang hapon lamang)

Tottori ken Fukushi hokenbu Iryou shidouka 0857-26-8666
Tobu Sogo jimusho Fukushi hoken kyoku (Tottori Hokencho) 0857-22-5100
Chuubu Sogo jimusho Fukushi hoken kyoku (Kurayoshi Hokencho) 0858-22-7006
Seibu Sogo jimusho Fukushi hoken kyoku 0859-31-5800

Tumatanggap din ng mga katanungan sa pamamagitan ng FAX para sa may mga kapansanan sa pandinig .

Tottori Prefecture International Exchange Foundation (wikang Hapon) FAX 0857-26-8143
 Tottori Prefecture Exchange Promotion Section (wikang Ingles) FAX 0857-26-2164